



Pamplet para sa mga Botante sa Wikang Tagalog

Pangkalahatang Halalan
sa Oregon
Nobyembre 3, 2026

Opisyal na Publikasyon

Ito ang inyong opisyal na Pamplet para sa mga Botante sa Pangkalahatang Halalan ng 2026. Layunin nitong tulungan kayo sa pagboto sa pamamagitan ng balotang pinadala sa koreo. Ipapadala ang mga balota sa mga rehistradong botante simula Oktubre 14.

Kasama sa pamplet na ito ang mga huling araw ng gawaing panghalalan, impormasyon ng rehistrasyon ng botante, mga karapatan ninyo bilang botante ng Oregon, mga pahayag ng kandidato, at impormasyon ukol sa mga panukalang-batas.

Tobias Read
Kalihim ng Estado ng Oregon



Oregon Secretary of State
Elections Division

Pamplet para sa mga Botante ng Oregon sa Wikang Tagalog



Oregon Secretary of State
Tobias Read



*Ang mga halalan sa Oregon ay SAFE: Ligtas, Tumpak, Patas, at Mahusay
(Secure, Accurate, Fair, and Efficient SAFE).*

Mga kapwa ko taga-Oregon,

Bilang inyong Kalihim ng Estado, ang aking pangunahing prioridad ay tiyaking magagamit ng bawat kwalipikadong taga-Oregon ang kanilang karapatan na panagutin ang kanilang pamahalaan sa pamamagitan ng malaya at patas na mga halalan. Narito ang kailangan ninyong malaman upang maging isang may kaalaman at handang botante sa taong ito:

- **Simulan na ang pananaliksik sa inyong mga pagpipilian ngayon:** huwag hintaying dumating ang inyong balota.
- **Punan nang tama ang inyong balota:** basahing mabuti ang mga tagubilin at ganap na punan ang inyong mga napili.
- **Lagdaan ang inyong sobre ng balota:** dapat tumugma ang inyong lagda sa ginamit ninyo noong kayo ay mag-rehistro para makaboto o sa DMV.
- **Ibalik ang inyong balota sa tamang oras:** ipadala ito sa koreo nang hindi bababa sa 7 araw bago ang Araw ng Halalan, o mas mabuti pa, gumamit ng ligtas na drop box (hanapin ang drop box na malapit sa inyo sa oregonvotes.gov/dropbox). Maaari din kayong bumoto nang personal sa opisina ng inyong kawani ng county. Kailangang namarkahan ng koreo ang inyong mga balota pagsapit ng 8:00 P.M. ng Nobyembre 3, 2026.
- **Subaybayan ang inyong balota sa oregonvotes.gov/myvote:** tingnan kung kailan papunta na sa inyo ang inyong balota, natanggap ng inyong kawani ng county, at nabilang.



IPADALA SA KOREO ANG INYONG BALOTA NANG HINDI BABABA SA 1 LINGGO BAGO ANG ARAW NG HALALAN

Dahil sa mga pagkaantala sa USPS, kung hindi niyo pa naipapadala sa koreo ang inyong balota nang hindi bababa sa 7 araw bago ang Araw ng Halalan, gamitin ang drop box o direktang pumunta sa post office at humiling ng manwal na marka ng koreo bago ninyo ito ilagay sa kahon para sa pagkolekta.



Oregon Secretary of State
Elections Division

Pamplet para sa mga Botante ng Oregon sa Wikang Tagalog

At kapag naisumite na ninyo ang inyong balota, mapagkakatiwalaan ninyo ang sistemang nagbibilang nito. Ang mga listahan ng botante ay nililinis at ina-update araw-araw. Ang mga makinang nagbibilang ng boto ay sertipikado, naka-lock down, at hindi kailanman nakakonekta sa internet. Pampublikong sinusubok ng mga county ang mga kagamitan bago at pagkatapos ng bawat halalan. Ang bawat balotang papel ay may natatanging pagkakakilanlan, kaya walang sinuman ang maaaring bumoto nang higit sa isang beses, at ang bawat lagda ay biniberipika. Kung magkaroon man ng pag-aalinlangan tungkol sa hangarin ng botante, ang mga sinanay na tagasuri mula sa magkakaibang mga partidong pampolitika ay kailangang magkasundo sa resulta. At pagkatapos ng halalan, ang lahat ng balota ay pinapanatili ng mga county upang ma-audit ang mga ito sa hinaharap. Ito ang hitsura ng integridad ng halalan, at bahagi ito ng bawat hakbang ng aming proseso.

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa mga halalan sa Oregon, asahan ang mga mapagkakatiwalaang mapagkukunan: ang tanggapan ng Kalihim ng Estado (Secretary of State) (oregonvotes.gov) o inyong kawani ng county (oregonvotes.gov/counties).

Subaybayan ang mga resulta: Magsisimulang mailathala ang mga hindi opisyal na resulta sa results.oregonvotes.gov sandali pagkatapos ng 8:00 P.M. sa Nobyembre 3, 2026. Kung matagalan bago maging pinal ang mga resulta, ito ay dahil nagtatrabaho ang mga opisyal ng halalan para maihatid ang mga tumpak na resulta na nararapat para sa mga taga-Oregon. Ang huling araw para maging opisyal ang mga resulta at upang maging sertipikado ang halalan ay Disyembre 10, 2026.

Maging handa. Manatiling may alam. Bumoto.

Taos-pusong sumasainyo,



Tobias Read

Kalihim ng Estado ng Oregon



Mga katanungan o alalahanin tungkol sa inyong balota? Tumawag sa 1-866-ORE-VOTE o makipag-ugnayan sa inyong lokal na kawani ng county sa oregonvotes.gov/counties


Mga Pagsasalin ng Pamplet para sa mga Botante Ginagawang Madali ang Paraan ng Pagboto

ORS 251.026, ORS 251.167, ORS 251.170, ORS 251.173 & ORS 251.315

Noong 2021, ipinasa ng Lehislatura ng Oregon ang Panukalang-batas sa Pag-akses sa Wika para sa mga Botante (HB 3021) na nag-aatas sa Kalihim ng Estado (Secretary of State) na isalin ang ilang bahagi ng mga pamplet para sa mga botante ng estado at county sa mga pinakakaraniwang sinasalitang wika sa Oregon. Layunin ng batas na alisin ang mga hadlang sa pagboto para sa mga hindi ganap na bihasa sa wikang Ingles.

Upang makatulong sa gawaing ito, nilikha ang Konseho ng Mga Tagapayo tungkol sa Pagsasalin. Ang Konseho ay binubuo ng mga boluntaryong miyembro ng komunidad na kumakatawan sa pagkakaiba-iba ng etniko, wika, at kultura ng mga botante sa Oregon. Tinitiyak ng mga miyembro ng Konseho na ang mga propesyonal na pagsasalin ay tumpak at napananatili ang orihinal na diwa at kahulugan sa paraang angkop sa kultura.

Ang mga piling bahagi ng Pamplet para sa mga Botante ng Estado ay mababasa sa Arabo, mga karakter ng Pinasimple at Tradisyunal na Tsino, Farsi, Pranses, Aleman, Iu Mien, Hapon, Khmer, Koreano, Marshallese, Nepali, Ruso, Somali, Espanyol, Tagalog, Thai, Ukrainian, at Biyetnames.




Para malaman ang higit pa hinggil sa Konseho ng Mga Tagapayo tungkol sa Pagsasalin, bisitahin ang [Oregon.gov/languages](https://oregon.gov/languages)

Mga Tagubilin sa Balota

Kumpletuhin ang inyong balota


Maingat na basahin at sundin ang lahat ng tagubilin na nakalathala sa inyong balota.

Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng inyong napili.



Upang isama ang pangalan ng isang kandidato:

- Malinaw na isulat ang pangalan ng kandidato sa blangkong linya na nakalagay sa balota.
- at-
- Punan ang bilog sa tabi ng pangalan na inyong isinama.



Suriin kung may mga mali

Hindi ninyo kailangang bumoto sa lahat ng kategorya sa halalan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto ninyo.


Maliban kung tinukoy ng mga tagubilin sa balota, bumoto lamang ng isang opsyon,

Pamplet para sa mga Botante ng Oregon sa Wikang Tagalog

kung hindi, hindi bibilangin ang inyong boto para sa kandidato o panukalang-batas na iyon.

Nagkamali? Gumuhit ng X sa maling bilog o kahon, pagkatapos ay ganap na punan ang tamang bilog o kahon at tiyaking malinaw ang inyong tamang pinili.


TIP: Apat na paraan para itama ang pagkakamali



Suriing mabuti ang inyong balota

Hindi ninyo maaaring baguhin ang inyong boto pagkatapos ninyong ibalik ang inyong balota.

Kung kailangan ninyo ng pamalit na balota, makipag-ugnayan sa inyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#).



Paggamit ng mga Opisyal na Drop Box ng Balota


Iligtas ang Inyong Sarili sa Pag-aalala: Huwag Maghintay, Bumoto Nang Maaga.

Mahigpit na inirerekomenda ng tanggapan ng Kalihim ng Estado (Secretary of State) sa mga botante na simulan nang maaga ang pananaliksik sa kanilang mga pagpipilian, punan agad ang kanilang balota pagkakuha nito, at gumamit ng mga opisyal na drop box ng balota upang matiyak na makararating ang kanilang balota sa tanggapan para sa halalang pang-county sa Araw ng Halalan.

Paggamit sa mga ligtas at seguradong mga drop box ng Oregon

Una, tiyaking napunan ninyo nang tama ang inyong balota: basahing mabuti ang mga tagubilin at ganap na punan ang inyong mga pagpipilian.

Tiyaking lagdaan ang inyong sobre ng balota: dapat tumugma ang inyong lagda sa ginamit ninyo noong kayo ay mag-rehistro para makaboto o sa DMV.




Pamplet para sa mga Botante ng Oregon sa Wikang Tagalog

Ang paghuhulog ng inyong balota sa isang opisyal na drop box ay ang pinakamagandang paraan upang maiwasan ang anumang pagkaantala sa koreo.


Hanapin ang lugar para sa pagsumite ng balota na pinakamalapit sa inyo sa website ng halalan ng inyong county o pumunta sa oregonvotes.gov/dropbox.

Bukas ang mga drop box nang 24/7 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo) mula sa oras na ipinadala ang mga balota hanggang 8 P.M. sa Araw ng Halalan.



Maaari din kayong bumoto nang personal sa opisina ng inyong kawani ng county. Suriin ang [website ng halalang pang-county](#) para sa kanilang mga oras.

Bukas ang mga tanggapan ng kawani ng county mula 7 A.M. hanggang 8 P.M. sa Araw ng Halalan.





Para sa mga katanungan tungkol sa:

- pagpaparehistro upang bumoto
- pag-update ng inyong rehistrasyon
- mga halalan at pagboto
- pagkumpleto ng inyong balota
- pagbabalik ng inyong balota
- mga balota para sa pagboto nang nakaliban
- mga pamalit na balota
- mga kinakailangan sa lagda



Makipag-ugnayan sa inyong
[tanggapan para sa halalang pang-county.](#)





Labag sa batas ang:

- lagdaan ang isang sobre para sa pagbalik ng balota na hindi sa inyo
- bumoto ng higit sa isang beses sa isang halalan o magsumite ng dinayang balota
- bumoto ng balota kung hindi kayo legal na kwalipikadong gawin ito
- impluwensyahan ang ibang botante na bumoto sa isang partikular na paraan
- magbenta, mag-alok na magbenta, bumili, o mag-alok na bumili ng balota ng ibang botante
- harangan ang pasukan ng isang gusali kung saan matatagpuan ang puwesto sa pagboto o opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- sirain ang anyo, alisin, baguhin, o wasakin ang balota ng ibang botante, isang nakapaskil na paunawa tungkol sa halalan, o mga kagamitan o suplay para sa halalan
- subukang mangolekta ng mga nabotohang balota sa loob ng 100 talampakan mula sa isang opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- magtatag ng isang lugar ng drop box nang hindi nagpapakita ng tanda na nagsasabing “Not An Official Ballot Drop Site” (Hindi Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota)

Hindi saklaw ng listahang ito ang lahat. Ang anumang paglabag sa mga batas o tuntunin sa halalan ng Oregon ay napapailalim sa mga parusang sibil at/o kriminal.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon o kung sa tingin ninyo ay nalabag ang inyong mga karapatan bilang botante, mangyaring makipag-ugnayan sa Kalihim ng Estado (Secretary of State) sa:



oregonvotes.gov



1 866 673 8683
se habla español

TTY

1 800 735 2900
para sa mga may kapansanan sa pandinig



Oregon Secretary of State
Elections Division

Mga Petsang Dapat Tandaan


- **Martes, Oktubre 13**

Huling araw upang mag-rehistro para makaboto o baguhin ang kaalyadong partidong pampolitika para sa halalang ito.



- **Miyerkules, Oktubre 14**

Unang araw para sa mga county na magpadala ng mga balota sa koreo.



- **Martes, Nobyembre 3**

Araw ng Halalan

Huling araw para ibalik ang inyong balota.

Kung ipapadala ninyo sa koreo ang inyong balota, dapat ay mayroon itong marka ng koreo ng USPS pagsapit ng 8 P.M. sa Araw ng Halalan.

Mas mainam: ibalik ang inyong balota sa isang opisyal na drop box pagsapit ng 8 P.M. sa Araw ng Halalan.



[Oregonvotes.gov/myvote](https://oregonvotes.gov/myvote)

Gamitin ang online na kagamitang ito upang suriin o i-update ang inyong katayuan sa rehistrasyon at subaybayan ang inyong balota.



Mga Madalas Itanong

Saan ako boboto?

Sa Oregon, bumoboto tayo sa pamamagitan ng koreo. Maaari kayong bumoto kahit saan ninyo mapili.

Kung rehistrado kayo upang bumoto pagsapit ng **Oktubre 13**, ang inyong balota ay ipapadala sa koreo sa pagitan ng **Oktubre 14** at **Oktubre 20**. Ipapadala ito ng inyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#) sa address sa inyong rekord ng rehistrasyon ng botante.

Kung hindi ninyo matanggap ang inyong balota pagsapit ng **Oktubre 30**, tawagan ang inyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#).

Paano kung lumipat na ako ng tirahan?

Hindi maaaring ipasa ang mga balota. Upang matanggap ang inyong balota, i-update ang inyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante sa [oregonvotes.gov/myvote](#).

Kung ang Araw ng Halalan ay mas mababa sa 5 araw na lamang, tawagan ang inyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#) para sa mga tagubilin kung paano kunin ang inyong balota.

Paano ko makukuha nang maaga ang aking balota?

Kung wala kayo sa inyong tahanan sa Araw ng Halalan, i-update ang inyong impormasyon para sa rehistrasyon ng botante sa [oregonvotes.gov/myvote](#). Upang humiling ng balota para sa pagboto nang nakaliban, ilagay ang inyong address para sa koreo bilang botanteng nakaliban at kung gaano kayo katagal maglalagi doon.

Isinalin ba sa ibang mga wika ang Pamplet para sa mga Botante?

Oo. Ang ilang bahagi ng Pamplet para sa mga Botante ay makikita online sa mga wikang:

Arabo, mga karakter ng Pinasimple at Tradisyunal na Tsino, Farsi, Pranses, Aleman, Iu Mien, Hapon, Khmer, Koreano, Marshallese, Nepali, Ruso, Somali, Espanyol, Tagalog, Thai, Ukrainian, at Biyetnames.

Makikita ninyo ang mga pagsasaling ito online sa: oregonvotes.gov/voterspamphlet.

Paano ko kukumpletuhin ang aking balota?

Kasama sa inyong pakete ng balota ang mga tagubilin kung paano kumpletuhin at ibalik ang inyong balota. Sundin ang mga tagubilin!

Paano kung nasira ang aking balota?

Kung nawala, nawasak, o nasira ang inyong balota sa paraang hahadlang sa inyong makaboto, tawagan ang inyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#) at humingi ng pamalit na balota.

Kailangan ko bang bumoto sa lahat?

Hindi. Hindi ninyo kailangang bumoto sa bawat kandidato o panukalang-batas upang mabilang ang inyong balota.

Maaari ko bang baguhin kung paano ako bumoto?

Kung naipadala na ninyo sa koreo o naihulog na ninyo sa drop box ang inyong balota, ang inyong boto ay hindi na maaaring mabago. Kung nasa inyo pa rin ang inyong balota, sundin ang mga tagubiling ipinadala kasama ng inyong balota.

Paano ko ibabalik ang aking balota?

Ibalik ang inyong balota sa alinmang [tanggapan para sa halalang pang-county](#) o opisyal na drop box. Makikita ninyo ang pinakamalapit na drop box, kasama ang isang mapa kung paano makarating doon, sa oregonvotes.gov/dropbox o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa inyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#).

Hindi na kailangan ng selyo. Gamitin ang sobre para sa pagbalik na ibinigay kasama ng inyong balota.

Ipadala sa koreo ang inyong balota mula sa inyong mailbox sa bahay, isang USPS Asul na Kahon, o sa pinakamalapit na tanggapan ng koreo.

Pamplet para sa mga Botante ng Oregon sa Wikang Tagalog

Magplano nang maaga: Ipadala sa koreo ang inyong balota nang hindi bababa sa 1 linggo bago ang Araw ng Halalan.

Magpapadala ba sa koreo nang malapit na sa araw ng halalan? Huwag ipagsapalaran na hindi mabilang ang inyong boto. Bumisita sa tanggapan ng USPS para sa libreng manwal na marka ng koreo.

Ang mga [tanggapan para sa halalang pang-county](#) ay bukas sa Araw ng Halalan mula 7 A.M. hanggang 8 P.M.

Kailangan ba ang lagayan para sa paglihim ng balota?

Hindi. Kung nakatanggap kayo ng lagayan para sa paglihim ng balota, hindi ninyo kailangang gamitin ito maliban kung gusto ninyo.

Kung hindi kayo nakatanggap ng lagayan para sa paglihim ng balota, ang inyong county ay isa sa marami na naglagay sa sobre para sa pagbalik ng balota ng mga karagdagang tampok na panseguridad na inaprubahan ng Tanggapan ng Kalihim ng Estado (Secretary of State) at dahil dito hindi na kailangan ng lagayan.

Kailangan ko bang lagdaan ang aking sobre para sa pagbalik ng balota?

Oo. Ang inyong lagda ay isang hakbang panseguridad na ginagamit upang beripikahin ang inyong pagkakakilanlan. Kayo lamang ang maaaring lumagda sa inyong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi magagamit sa pagboto ang mga dokumentong Power of Attorney.

Kung hindi ninyo kayang lumagda sa inyong pangalan, makipag-ugnayan sa inyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#) para sa karagdagang impormasyon.

Ang inyong balota ay mabibilang lamang kung ang lagda sa sobre para sa pagbalik ng balota ay tumugma sa mga lagda sa inyong rekord ng rehistrasyon ng botante.

Kung hindi tumutugma ang inyong lagda o nakalimutan ninyong lagdaan ang sobre, aabisuhan kayo ng county. Magkakaroon kayo ng hanggang 21 araw pagkatapos ng halalan para patunayan na kayo ang lumagda sa sobre.

Kung ang pangalan ko ay nasa sobre para sa pagbalik ng balota, lihim ba talaga ang aking boto?

Oo. Pagkatapos ng pagberipika ng lagda, ang inyong balota ay ihihiwalay sa sobre para sa pagbalik ng balota bago ito buksan at mabilang.

Nabilang ba ang aking balota?

Bilang isang rehistradong botante, maaari ninyong tingnan ang na-update na impormasyon ukol sa balota sa oregonvotes.gov/myvote. Maaari ninyong makita kung kailan ipinadala o natanggap ang balota, o kung ito ay ibinalik dahil hindi maihatid.

Kailan malalaman ang mga resulta ng halalan?

Ang mga paunang resulta ay ilalabas simula **8 P.M. ng Nobyembre 3** at patuloy na ia-update sa buong gabi ng halalan at sa mga kasunod na araw.

Sa pagitan ng gabi ng halalan at petsa kung kailan nasertipika ang mga resulta ng halalan, magbabago ang iniulat na hindi opisyal na mga resulta sa oregonvotes.gov habang nagpapatuloy ang pagbibilang ng mga boto.

Hindi pa pinal ang mga resulta hanggang sa masertipikahan ang halalan at mailathala ang opisyal na buod ng mga boto. Ang mga pinal na sertipikadong resulta ay lalabas 37 araw pagkatapos ng halalan.

Kailangan ko ba ng pansamantalang balota?

Kung hindi matiyak ang inyong kwalipikasyon sa pagboto, may karapatan kayong humiling ng pansamantalang balota.

Upang makakuha ng pansamantalang balota, pumunta nang personal sa inyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#) at punan ang isang Form sa Paghiling ng Pansamantalang Balota.

Ang inyong pansamantalang balota ay mabibilang lamang kung matutukoy na kwalipikado kayong bumoto.

Paano ako magsasampa ng reklamo?

Kung naniniwala kayong nalabag ang batas sa halalan ng Oregon at isa kayong rehistradong botante sa Oregon, maaari ninyong hilingin sa Dibisyon ng mga Halalan (Elections Division) magsagawa ng imbestigasyon. Hindi iimbestigahan ang mga hiling na hindi pinangalanan kung sino ang humiling.

Makakakita kayo ng karagdagang impormasyon at makapagsusumite ng reklamo para imbestigahan ng Dibisyon ng mga Halalan (Elections Division) sa oregonvotes.gov sa ilalim ng seksyong “Get Involved” (Makibahagi).

Alamin ang Inyong mga Karapatan

Kabilang sa inyong mga karapatan bilang Botante sa Oregon ang:

- karapatang ma-akses ang mga opisyal na kahon ng balota at mga tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan nang walang anumang balakid
- karapatang panatilihin pribado ang inyong boto
- karapatang bumoto nang walang pananakot o pagbabanta

Maaaring kabilang sa Pananakot sa Botante ang:

- Mga tanong na agresibo o nang-aabala tungkol sa inyong kwalipikasyon sa pagboto na naglalayong humadlang sa inyong karapatang bumoto, takutin kayong bumoto sa isang partikular na paraan, o panakutin kayo upang huwag bumoto—tulad ng mga tanong tungkol sa inyong katayuan sa pagkamamamayan, rekord sa krimen, paninirahan, iba pang personal na impormasyon, o kung paano ninyo planong bumoto.
- Hindi totoo o nakaliligaw na mga pahayag o akusasyon tungkol sa pandaraya sa pagboto o nauugnay na mga parusang kriminal, na idinisenyo upang takutin kayo para hindi bumoto.
- Mga berbal o pisikal na pagbabanta – hayag man o ipinahiwatig – na naglalayong pigilan kayo sa pagboto o pilitin kayong bumoto sa isang partikular na kandidato o panukalang-batas.
- Sinasadyang pagharang o paghadlang sa inyong kakayahang bumoto.
- Naka-target na pagmamatyag ng mga partikular na botante o grupo ng mga botante, tulad ng pagsunod o pagsubaybay sa mga botante, pagkopya ng mga plaka ng lisensya, pagkuha ng bidyo o litrato, atbp., na may layuning pigilan o hadlangan sila sa pagboto.

Para sa tumpak na impormasyon tungkol sa pagboto, o para mag-ulat ng pananakot sa botante



1 866 673 8683
se habla español

TTY

1 800 735 2900
para sa mga may kapansanan sa pandinig



Oregon Secretary of State
Elections Division



Mga Botanteng may Kapansanan

Para sa mas detalyadong impormasyon sa madaling pagboto, makipag-ugnayan sa inyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#).

Anu-ano ang iba't ibang paraan para makaboto ako?

- **Balota sa madaling magamit na format**
 - Maa-akses ninyo ang inyong balota gamit ang inyong sariling device at teknolohiyang pantulong sa may kapansanan sa pamamagitan ng pagpunta sa oregonvotes.gov/myvote. Pagkatapos, pumili, i-print, at ibalik ang balota sa sobre para sa pagbalik ng balota na natanggap ninyo mula sa tanggapan para sa halalang pang-county.
 - Maaari din kayong makipag-ugnayan sa inyong [opisyal sa halalang pang-county](#) upang magtanong tungkol sa mga madaling gamitin na mga opsyon sa pagboto sa tanggapan para sa halalan.
 - **Balotang malalaki ang titik**
 - **Humingi ng tulong**
-

Sino ang makatutulong sa akin na bumoto gamit ang aking balota?

- **Kahit sino maliban sa inyong tagapag-empleyo o unyon**
Maaari kayong humingi ng tulong sa isang kaibigan, kapamilya, o iba pang pinagkakatiwalaang tao. Sa ilalim ng batas ng Oregon, hindi kayo maaaring tumanggap ng tulong mula sa inyong tagapag-empleyo o unyon.
 - **Pangkat ng County para sa Tulong sa Pagboto**
Hindi ninyo kailangang humingi ng tulong sa taong kilala ninyo. May mga Pangkat ng County para sa Tulong sa Pagboto na magagamit upang tulungan kayong bumoto gamit ang inyong balota nang pribado at nang may sariling pagpapasya.
-

Paano kung hindi ko malalagdaan ang aking sobre para sa pagbalik ng balota?

→ Maaari kayong gumamit ng panatak ng lagda o iba pang pananda bilang inyong lagda

Kailangan ninyong kumumpleto ng form para sa pagpapatotoo ng panatak ng lagda kasama ng kard ng rehistrasyon ng botante bago gamitin ang panatak o marka para lagdaan ang sobre ng inyong balota.

Anong ibang mga magagamit na mapagkukunan ang makukuha?

→ Pamplet para sa mga Botante sa Buong Estado

Makukuha sa digital audio o madaling ma-akses na teksto sa oregonvotes.gov.

→ Madaling Gabay sa Pagboto

Inilathala ng Mga Karapatan sa Kapansanan Oregon (Disability Rights Oregon) at magagamit nang nakalimbag at sa madaling ma-akses na HTML sa easyvotingguide.org.

Alamin ang Inyong mga Karapatan

May karapatan kayong **vote!**

Kung kayo ay mamamayan ng Estados Unidos, nakatira sa Oregon, 18 taong gulang, at nakapagparehistro upang bumoto.

- **May karapatan kayo** sa isang lihim na pagboto. Hindi ninyo kailangang sabihin kahit kanino kung paano kayo bumoto.
- **May karapatan kayong** makakuha ng “pansamantalang balota”, kahit na masabihan kayong hindi kayo rehistrado upang bumoto.
- **May karapatan kayong** makakuha ng bagong balota kung kayo ay nagkamali.
- **May karapatan kayong** bumoto para sa taong gusto ninyo. Maaari ninyong isulat ang pangalan ng ibang tao kung hindi ninyo gusto ang mga pagpipilian sa inyong balota.
- **May karapatan kayong** bumoto ng “yes” (oo) o “no” (hindi) sa anumang isyu sa inyong balota.
- **May karapatan kayong** iwanang blangko ang ilang pagpipilian sa inyong balota. Ang mga pagpipiliang mamarkahan ninyo ay mabibilang pa rin.
- **May karapatan kayong** gumamit ng sistema ng pagboto para sa lahat ng mga Pederal na Halalan na nagbibigay ng pantay na pagkakataon sa mga taong may kapansanan na bumoto nang pribado at may sariling pagpapasya.
- **May karapatan kayong** malaman kung ang inyong balota, kabilang ang isang “pansamantalang balota”, ay tinanggap para mabilang.
- **May karapatan kayong** magsampa ng reklamo kung naniniwala kayong itinanggi ang inyong mga karapatan sa pagboto.
- **May karapatan kayong** bumoto o magsumite ng inyong balota kung nakapila na kayo pagsapit ng 8 P.M. sa Araw ng Halalan.
- **May karapatan kayong** malaman kung rehistrado kayo upang bumoto.
- **May karapatan kayong** pumili kung gusto ninyong mag-rehistro bilang miyembro ng isang partidong pampolitika.
- **May karapatan kayong** gumamit ng panatak ng lagda o iba pang marka ngunit kailangan ninyo munang punan ang isang form. Walang sinuman ang maaaring lumagda para sa inyo.

- **May karapatan kayong** humingi ng tulong sa mga kawani ng halalan o sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya. May ilang tao na hindi maaaring tumulong sa inyo sa pagboto, halimbawa, ang inyong tagapag-empleyo o unyon.
- **May karapatan kayong** bumoto kahit na wala kayong tirahan.
- **May karapatan kayong** bumoto kung nahatulan kayo ng isang mabigat na krimen ngunit nakalaya mula sa kustodiya, kahit na kayo ay nasa probasyon o parole.
- **May karapatan kayong** bumoto kahit na mayroon kayong tagapag-alaga at kahit na kailangan ninyo ng tulong sa pagbabasa o pagsasagot ng inyong balota.

Para sa karagdagang impormasyon



1 866 673 8683
se habla español

TTY

1 800 735 2900
para sa mga may kapansanan sa pandinig

(Konstitusyon ng Oregon, Seksyon 2 at 3; ORS Mga Kabanata 137, 246, 247, at 254; Manwal sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo; 2002 na Batas na Help America Vote; OAR 165-001-0090 at 165-007-0030)



Impormasyon tungkol sa Partido, Kandidato, at Panukalang-Batas

Mga Pahayag ng Partidong Pampolitika

Sa Pangkalahatang Halalan, ang isang partidong pampolitika sa buong estado ay maaaring magsumite ng pahayag sa pamplet para sa mga botante na nagtataguyod sa tagumpay ng mga prinsipyo nito at sa pagkahalal ng mga kandidato nito. Maaari ding tutulan ng pahayag ng partido ang mga prinsipyo at kandidato ng ibang mga partidong pampolitika o organisasyon.

Ang sumusunod na mga partidong pampolitika ay hindi nagsumite ng pahayag para sa **Pangkalahatang Halalan ng 2026**:

- Partidong Walang Label ng Oregon (No Labels Party of Oregon)
- Partido ng mga Nagtatrabahong Pamilya Oregon (partidong pampolitika) (Working Families Party of Oregon)

Mga Kandidato

Iniaatas ng kasulatang batas ng Oregon (ORS 254.155) sa Kalihim ng Estado (Secretary of State) na magsagawa ng isang sapalarang pagkakasunod-sunod ng mga titik ng alpabeto upang matukoy ang pagkakasunod-sunod ng pagkakalagay ng mga pangalan ng mga kandidato sa balota.

Ang alpabeto para sa **Pangkalahatang Halalan ng 2026** ay:

S, K, B, G, P, I, W, Y, V, C, M, D, N, X, Z, J, E, H, T, O, Q, A, U, F, L, R

Ang mga pahayag ng kandidato na kasama sa pamplet ay nakapangkat ayon sa uri ng pwesto at posisyon at nakaayos sa parehong sapalarang pagkakasunod-sunod kung paano ililimbag ang mga pangalan ng mga kandidato sa balota.

Ang isinaling mga pahayag tungkol sa kandidato na isinumite ng mga kandidato, kung mayroon man, ay makikita sa pamplet na ito. Ang kumpletong teksto ng lahat ng kalahok na kandidato ay makikita lamang sa Pamplet para sa mga Botante sa Wikang Ingles.

Ang mga pahayag ay isinaayos sa sumusunod na paraan:

- mga kandidatong may partido, ayon sa posisyon, sa pagkakasunod-sunod ng balota
- mga kandidatong walang kinikilingan, ayon sa posisyon, sa pagkakasunod-sunod sa balota

Ang mga kandidato ay nagbibigay ng bayad, o nagsusumite ng mga lagda bilang kapalit ng bayad, para sa espasyo sa Pamplet para sa mga Botante ng Estado. Ang impormasyong iniaatas ng batas—na nauukol sa trabaho, karanasan sa trabaho, pinag-aralan, at dating karanasan sa pamahalaan—ay pinatunayan na totoo ng bawat kandidato.

Pagtatwa

Ang impormasyong ibinigay sa mga pahayag o pangangatwiran ng isang kandidato, isang partidong pampolitika, isang kapulungan ng mga manghahalal, o isang taong sumusuporta o sumasalungat sa isang panukalang-batas ay hindi pa napatutunayan ang katumpakan ng Estado ng Oregon.

Impormasyon sa Rehistrasyon ng Botante

Sino ang maaaring mag-rehistro para makaboto?

Upang mag-rehistro, dapat kayo ay:

- Isang mamamayan ng Estados Unidos
- Isang residente ng Oregon
- Hindi bababa sa 16 na taong gulang

Kung wala pa kayong 18 taong gulang, hindi kayo makatatanggap ng balota hanggang sa magkaroon ng halalan sa o pagkatapos ng inyong ika-18 kaarawan.

Paano ako mag-rehistro para makaboto?

Mag-rehistro para makaboto

- Online sa oregonvotes.gov/register
 - Sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo ng inyong nakumpletong kard ng rehistrasyon sa inyong tanggapan para sa halalang pang-county.
 - Sa pamamagitan ng personal na pagkumpleto ng kard ng rehistrasyon sa alinmang [tanggapan para sa halalang pang-county](#), sa Tanggapan ng Kalihim ng Estado (Secretary of State), at ilang ahensya ng estado gaya ng DMV.
-

Kailangan ko bang i-update ang aking rehistrasyon?

I-update ang inyong rehistrasyon kung lumipat kayo ng tirahan, nagbago ng inyong pangalan, lagda o address para sa koreo, o gustong baguhin o pumili ng partidong pampolitika.

Maaari kayong magbigay ng bagong impormasyon online sa oregonvotes.gov/myvote o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsasauli ng kard ng rehistrasyon ng botante sa inyong opisyal sa halalang pang-county.

Kailangan ko bang magpakita ng I.D.?

Dapat ninyong ibigay ang inyong balidong numero ng Lisensya sa Pagmamaneho sa Oregon, Permit, o ID kung mayroon kayo nito.

Kung wala kayong balidong Oregon ID, ibigay ang huling apat na numero ng inyong Social Security.

Pamplet para sa mga Botante ng Oregon sa Wikang Tagalog

Kung wala kayong balidong Oregon ID o numero ng Social Security, makikita ninyo ang listahan ng mga tinatanggap na alternatibong pagkakakilanlan online sa oregonvotes.gov.

Ano ang huling araw upang mag-rehistro?

Upang makaboto sa **Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2026**, ang inyong nakumpletong kard ng rehistrasyon ay dapat na:

- maihatid sa isang [tanggapan para sa halalang pang-county](#) o ahensya para sa rehistrasyon ng botante (hal., DMV) pagsapit ng **Martes, Oktubre 13**, o
- may marka ng koreo pagsapit ng Martes, **Oktubre 13**.

Kung magpaparehistro kayo upang bumoto online, dapat maisumite ang inyong rehistrasyon pagsapit ng 11:59 P.M. ng **Oktubre 13**.

Kailangan ko bang pumili ng partidong pampolitika?

Hindi. Kung hindi kayo pipili ng partido, makatatanggap pa rin kayo ng balota para sa bawat halalan kung saan kwalipikado kayong bumoto. Sa pangunahing halalan, ang inyong balota ay maglalaman lamang ng mga katungkulan walang kinikilingan at mga panukalang-batas, kung mayroon man. Makikita ang lahat ng katungkulan sa inyong balota para sa Pangkalahatang Halalan.

Programang sa Pagiging Kumpidensiyal ng Address

Ang Programang sa Pagiging Kumpidensiyal ng Address (Address Confidentiality Program ACP) ay nagbibigay sa mga kalahok ng legal na kapalit na address at serbisyo sa pagpapasa ng koreo. Ang mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan, pang-aabusong sekswal, paniniktik, o pangangalakal ng tao ay binibigyan ng kapalit na address na gagamitin sa mga pampublikong talaan sa halip na ang kanilang tunay na address.

Ang mga indibidwal na maaaring malagay sa panganib ang personal na kaligtasan o kaligtasan ng pamilya kung makikita ang kanilang address ng tirahan sa isang pampublikong talaan ay maaaring mag-rehistro para makaboto nang may mga proteksyon sa pagiging kumpidensiyal sa pamamagitan ng pag-apply sa Programang sa Pagiging Kumpidensiyal ng Address.

Pamplet para sa mga Botante ng Oregon sa Wikang Tagalog

Upang mag-apply sa Programa sa Pagiging Kumpidensiyal ng Address, dapat kayong makipagtulungan sa isang tagapagtaguyod ng mga biktima na itinalaga ng Abugadong Panlahat bilang Katuwang sa Aplikasyon. Para sa karagdagang impormasyon o para makahanap ng Katuwang sa Aplikasyon na malapit sa inyo, tumawag sa **888-559-9090** o bumisita sa <https://www.doj.state.or.us/acp>.

Ang mismong paglahok sa ACP ay hindi ginagarantiyahan ang kaligtasan ng sinuman. Ang kawani ng ACP ay hindi nagbibigay ng pagsusuri sa panganib o pagpaplano para sa kaligtasan at hindi pinapayagang mag-alok ng legal na payo.



Upang mag-rehistro para makaboto o mag-update ng inyong rehistrasyon, ibalik ang Kard ng Rehistrasyon ng Botante sa pamamagitan ng koreo, ihatid ito sa inyong [tanggapan para sa halalang pang-county](#), o gamitin ang mga online na mapagkukunan para sa rehistrasyon ng botante sa: oregonvotes.gov/register.

Mga lagda Alam Ba Ninyo?

- Ikinukumpara ng county ang pirma sa sobre para sa pagbalik ng balota sa mga lagda sa rekord ng rehistrasyon ng botante. Ginagawa nila ito para sa bawat lagda sa bawat balota.
- Ang mga kawani ng County na nagpapatunay ng mga lagda sa mga balota ay tumatanggap ng pagsasanay sa pagsusuri ng sulat-kamay.
- Kung nakalimutan ninyong lagdaan ang inyong sobre ng balota, o hindi tumugma ang inyong lagda, aabisuhan kayo ng county. Magkakaroon kayo ng 21 araw pagkatapos ng halalan upang lagdaan ito o patunayan na kayo ang lumagda nito.



Ang inyong balota ay dapat matanggap o maipadala sa koreo nang may marka ng koreo ng USPS pagsapit ng 8 P.M. sa Nobyembre 3

Ipapadala ba sa koreo ang inyong balota? Itabi ang selyo!

Hindi kailangan ng selyo kung gagamitin ninyo ang sobrang ibabalik na kasama ng inyong balota.

Hindi malapit sa isang tanggapan ng koreo? Ibalik ang inyong balota sa [tanggapan para sa halalang pang-county](#) o sa anumang opisyal na drop box sa estado (kahit para sa ibang county!).

Ang mga [tanggapan para sa halalang pang-county](#) ay bukas sa Araw ng Halalan mula 7 A.M. hanggang 8 P.M.

Upang mahanap ang pinakamalapit na opisyal na drop box bumisita o tumawag sa oregonvotes.gov/dropbox



1 866 673 8683
se habla español

TTY

1 800 735 2900
para sa mga may kapansanan sa pandinig



I-update ang inyong rehistrasyon kung wala kayo sa bahay

Hindi nalalapat sa mga balota ang pagpapasa ng koreo – Hindi ipapasa ng tanggapan ng koreo ang inyong balota.

Maaari kayong humiling ng **balota para sa pagboto nang nakaliban** kung wala kayo sa inyong tahanan sa panahon ng halalan. Ipapadala ang balota ng tanggapan para sa halalang pang-county sa address na ibibigay ninyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon

oregonvotes.gov



1 866 673 8683
se habla español

TTY

1 800 735 2900
para sa mga may kapansanan sa pandinig



Mga Resulta ng Halalan



Tingnan ang hindi opisyal na mga resulta ng halalan simula 8 P.M. ng Nobyembre 3.

Patuloy na i-a-update ang hindi opisyal na mga resulta sa buong gabi ng halalan at sa mga susunod na araw. Ang mga pinal na sertipikadong resulta ay lalabas sa Disyembre 10.

Sa pagitan ng gabi ng halalan at petsa kung kailan sertipikado ang mga resulta ng halalan, magbabago ang hindi opisyal na mga resulta habang nagpapatuloy ang pagbibilang ng mga boto.

Ang mga pinal na sertipikadong resulta ay lalabas sa Disyembre 10.



results.oregonvotes.gov



ORESTAR

Ang Sistemang Panghalalan ng Oregon para sa Pagsubaybay at Pag-uulat ay isang ligtas na nakabatay sa web na aplikasyon na binuo para sa mga paghahayag ng pananalapi sa kampanya at pinahusay upang suportahan ang pagkakandidato at mga paghahain sa Pamplet para sa mga Botante ng Estado.


Maghanap sa ORESTAR

Maghanap ng impormasyon tungkol sa mga komiteng pampolitika na rehistrado sa Oregon, kontribusyon sa kampanya at mga transaksyon sa paggasta, paghahain ng kandidato para sa mga katungkulan sa estado sa pamamagitan ng paggamit ng pampublikong paghahanap ng ORESTAR.

oregonvotes.gov


Oregon, Ipakita ang Inyong Pagmamalaki sa Pagboto!

Mula Mount Hood hanggang Cannon Beach hanggang sa Wallowas, ang mga halalan ay nagdudulot ng pagbabago sa mga komunidad sa buong Oregon. Kulayan ang pahinang ito at i-post online gamit ang #OregonVotes upang ipagmalaki ang inyong pagboto!



Magdisenyo ng inyong sariling mga sticker na 'I voted' (Bumoto ako).

Gaya ng inyong boto, gawin itong sa inyo!
Hindi sigurado kung saan magsisimula? Tutulungan namin kayong magsimula sa una!



Mga Makapartidong Kandidato

Senador ng Estados Unidos (US Senator)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-1 Distrito (US Representative)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-2 Distrito (US Representative)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.



Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-3 Distrito (US Representative)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.



Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-4 na Distrito (US Representative)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.



Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-5 Distrito (US Representative)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

Kinatawan ng Estados Unidos para sa Ika-6 na Distrito (US Representative)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

Gobernador (Governor)

Gaya ng nakasaad sa ORS 251.170, may opsyon ang mga kandidato ng pederal at sa buong estado na magsumite ng sarili nilang pagsasalin ng kanilang pahayag tungkol sa kandidato. Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng mga pagsasalin. Makikita ang lahat ng pahayag tungkol sa kandidato sa wikang Ingles sa oregonvotes.gov/VotersPamphlet.

